



Aralin 6

LOVE ME MORE THAN ANYONE

Mateo 10:37-38; Lucas 14:26-27; 7:36-50

LAYUNIN: Pagkatapos ng araling ito...

- Mauunawaan ninyo kung anong klaseng pag-ibig ang nais ni Cristo na mayroon tayo sa kanya.*
- Pahalagahan ninyo ang laki ng pag-ibig ng Diyos sa atin sa pamamagitan ng ginawa ni Cristo sa krus, na siya ring dahilan kung bakit iibigin natin siya nang higit sa lahat.*
- Aalamin ninyo ang mga bagay sa buhay ninyo na maaaring nakahahadlang upang lumalim ang pag-ibig ninyo kay Cristo at gagawa ng hakbang kaugnay nito.*

PANIMULA

1. Sino ang taong pinakamalapit sa iyo at bakit? Isalarawan kung anong klaseng relasyon mayroon kayo?

2. Basahin ang Lucas 14:26-27 at Mateo 10:37-38. Anong klaseng relasyon kay Cristo ang mayroon ang isang tunay na tagasunod niya? Mahirap ba ito o madali? Kung mahirap, ano ang implikasyon nito?

Tulay sa Pag-aaral: Ang panawagan ni Jesus sa bawat isang tagasunod niya ay ibigin siya ng higit sa kaninuman. Siya ang dapat na pinakamahalaga sa buhay natin. Hindi dapat agawin ninuman o ng anuman ang relasyon na dapat mayroon tayo sa kanya. Kaya lang, araw-araw ay nahaharap tayo sa mga bagay o tao na susubok sa pag-ibig natin kay Jesus. Paano kaya tayo magkakaroon ng mas malalim na pag-ibig sa kanya at masasabi nating wala na tayong iibigin pa nang higit sa kanya? Basahin natin sa Lucas 7:36-50.

PAGSASALIKSIK

3. Basahin verse 36. Bakit sa tingin ninyo pinaunlakan ni Jesus ang paanyaya ng isang Fariseo? Tingnan ang verses 34-35 at ang pangyayari sa kuwento.

4. Basahin ang verses 36-37. Ano ang ipinakita ng babaeng “makasalanan” sa ginawa niya para kay Jesus? Ano ang ipinapakita nito sa klase ng kanyang pag-ibig kay Jesus na dapat mayroon din tayo?

5. Basahin ang verses 38-40. Ano ang ipinapakita ditong klase ng pagkakilala ni Simon kay Jesus? Ikumpara ang pinagkaiba ng pagkakilala mo dati kay Jesus kumpara ngayon. Ano sa tingin mo ang kinalaman nito sa pag-ibig mo sa kanya?

6. Basahin ang verses 41-43. Ano ang nais ituro ni Jesus kay Simon sa talinghagang kanyang sinabi? Ano ang ipinapakitang relasyon ng pag-ibig kay Jesus sa pagkakilala ng isang tao sa pagpapatawad ng Diyos?

7. Basahin ang verses 44-46. Kung ikaw si Simon, ano ang mararamdaman mo sa sinabing ito ni Jesus? Bakit? Ano sa tingin mo ang nais niyang gawin natin bilang tugon dito?

8. Basahin ang verses 47-50. Ano sa tingin ninyo ang epekto sa babae ng sinabing ito ni Jesus? Ayon dito, ano ang pagkakasunud-sunod ng mga ito: kapatawaran, pag-ibig kay Jesus, at pananampalataya (pagsisisi)? Bakit mahalagang maunawaan ito?

PAGSASABUHAY

9. Ayon sa napag-aralan ngayon, paano lalalim ang pag-ibig natin kay Cristo?

10. Anong isang bagay o tao sa buhay mo ang sa tingin mo ay nakahahadlang sa iyong pag-ibig kay Jesus? Ayon sa napag-aralan, ano ang isang hakbang na gagawin mo ukol dito?

GROUP ASSIGNMENT

- Isaulo ang Mateo 10:37-38.
- Ipanalangin ang isang taong nais mong makaranas din ng pag-ibig ng Diyos.